
# Tulong Medikal para sa Pagkamatay
## (Medical Assistance in Dying, MAiD)
## Proseso para sa mga Pasyente




Tanungin ang inyong MAiD Assessor tungkol sa timeline

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa MAiD makipag-ugnayan:

[MAiD.Support@williamoslerhs.ca](mailto:MAiD.Support@williamoslerhs.ca)

Ethics Quality Improvement Lab

ADRAT

# Impormasyon sa MAiD

## Ano ang Tulong Medikal para sa Pagkamatay (MAiD)?

- Ito ay isang legal na serbisyong medikal sa Canada, kung saan batay sa kahilingan ng isang indibidwal, magbibigay ang isang doktor o nurse practitioner ng gamot na nagdudulot ng pagkamatay ng naturang indibidwal
- Tanging ang mga indibidwal na may dalawang magkaibang MAiD assessor na nagpapasya na natutugunan nila ang *lahat* ng pamantayan sa pagiging kwalipikado (nakalista sa ibaba) ang maaaring makatanggap ng MAiD

## Ano ang mga Pamantayan sa Pagiging Kwalipikado para sa MAiD?

✓ 18 taong gulang o mas matanda;
✓ kayang gumawa ng mga desisyon tungkol sa kanilang kalusugan;
✓ kwalipikado para sa mga serbisyong pangkalusugan na pinopondohan ng pederal na pamahalaan, o isang probinsiya o teritoryo
✓ gumawa ng kusang-loob na kahilingan para sa MAiD na hindi dahil sa panlabas na pamimilit;
✓ magbigay ng may-kabatirang pahintulot matapos mapaliwanagan tungkol sa mga opsyon upang maibsan ang pagdurusa, kabilang ang pangangalaga na pampagaan ng mga sintomas;
✓ may "malubha at wala nang lunas na medikal na kondisyon", na binibigyang-kahulugan bilang:
  - pagkakaroon ng malubha at wala nang lunas na karamdaman, sakit o kapansanan;
  - nasa malalang kalagayan ng hindi na mababaliktad na pagbagsak ng kakayahan;
  - nakararanas ng matagalang pisikal o sikolohikal na pagdurusa na hindi makayanan ng indibidwal at hindi maiibsan sa ilalim ng mga kondisyon na itinuturing nilang katanggap-tanggap

## Ano pa ang dapat ninyong malaman?

- Tanging kayo (ang pasyente) ang maaaring humiling at magbigay-pahintulot sa MAiD. Nangangahulugan ito na ang isang kahaliling tagapagdesisyon o miyembro ng pamilya ay hindi maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa MAiD para sa inyo
- Maaari kayong magbago ng desisyon tungkol sa MAiD sa anumang oras, kahit sa sandali bago magsimula ang pamamaraan.
- Ang pamamaraan ng MAiD ay maaaring isagawa sa ospital, sa tahanan, o saanman sa komunidad.

## Para sa higit pang impormasyon at suporta, tingnan ang:

https://www.canada.ca/en/health-canada/services/health-services-benefits/medical-assistance-dying.html

https://www.bridgec14.org

https://www.dyingwithdignity.ca

Translation of this document has been supported by the Canadian Association of MAiD Assessors and Providers (CAMAP) 2023-2024 Knowledge Transfer Grant Award.